# Personal na Ari-arian at Tulong ng FEMA

**Release Date: Oct 16, 2022**

Ang kwalipikadong mga county ay ang Brevard, Charlotte, Collier, DeSoto, Flagler, Glades, Hardee, Hendry, Highlands, Hillsborough, Lake, Lee, Manatee, Monroe, Okeechobee, Orange, Osceola, Palm Beach, Pasco, Pinellas, Polk, Putnam, Sarasota, Seminole, St. Johns at Volusia.

Ang tulong ng FEMA ay limitado sa mga pangunahing pangangailangan; hindi nito maibabalik ang lahat ng ari-arian na nawala dahil sa Hurricane Ian. Ang saklaw ng insurance ay ang pinakamabuting paraan upang makabawi pagkatapos ng isang natural na sakuna. Gayunpaman, ang tulong ng FEMA at State of Florida ay maaaring ayusin o palitan ang iyong napinsalang ari-arian kung natutugunan mo ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado, at ang (mga) item ay nasa alinman sa mga kategoryang ito:

- **Mga Appliances:** Kasama ang mga karaniwang gamit sa bahay, tulad ng refrigerator, washing machine, atbp.
- **Damit:** Kakailanganing mga damit dahil sa kabuuang pagkawala, pinsala, o kontaminasyon.
- **Mga Kagamitan sa Bahay**: Mga pangunahing kagamitan na matatagpuan sa isang kwarto, kusina, banyo at sala.
- **Mga Kagamitan na Kinakailangan para sa Trabaho at Paaralan:** Mga tool at kagamitan na kinakailangan ng isang employer bilang isang kondisyon ng trabaho at mga bagay na kinakailangan bilang isang kondisyon ng edukasyon ng isang aplikante o miyembro ng sambahayan.
- **Mga Na-a-access na Item:** Nagbibigay din ang FEMA ng tulong para sa nasirang personal na ari-arian na kinakailangan para sa mga kwalipikadong aplikante na may mga kapansanan.

Dapat matugunan ng mga aplikante ang mga sumusunod na kondisyon para makatanggap ng Tulong sa Personal na
Ari-arian:

- Upang maging kwalipikado, ang mga bagay na ito ay dapat na pagmamay-ari bago ang hurricane at napinsala ng hurricane.



Page printed at fema.gov/tl/fact-sheet/personal-property-and-fema-assistance 08/14/2024

- Ang bagay ay pagmamay-ari at ginagamit ng mga nakatira sa bahay.
  - Ang FEMA ay hindi nagbibigay ng tulong para sa mga kagamitan at/o mga appliances na ibinigay ng isang landlord.
  - Ang mga bagay na ginamit ng mga bisita at kamag-anak na hindi miyembro ng sambahayan bago ang kalamidad ay hindi kwalipikado para sa tulong.

Maaaring hindi ayusin o palitan ng FEMA ang isang bagay na nasira ng bagyo kung nagmamay-ari ka ng katulad nito na gumagana pa.

Upang mag-apply para sa tulong sa kalamidad ng FEMA, mag-online sa DisasterAssistance.gov, gamitin ang FEMA app para sa mga smartphone o tumawag sa 800-621-3362 pitong araw sa isang linggo mula 7 a.m. hanggang 11 p.m. ET. Available ang tulong sa halos lahat ng wika. Kung gumagamit ka ng serbisyo ng relay, gaya ng video relay service (VRS), captioned telephone service o iba pa, ibigay sa FEMA ang numero para sa serbisyong iyon.